QUEDANCOR

PROGRAMA PARA SA SELF-RELIANT TEAM

LAYUNIN NG PROGRAMA

Maglaan ng pautang para sa mga magsasaka, mangingisda at mahihirap na mamamayan sa kanayunan at siyudad na nangangailangan ng puhunan o dagdag kapital sa mga proyekto o negosyong may kinalaman sa produksyon, pag-proseso, pagtinda/pagbenta o pamimili ng mga produktong pang-agrikultura, pangingisda, pag-hahayupan at iba pang gawaing pangkabuhayan upang madagdagan ang kanilang kita at maiangat ang kanilang kabuhayan.

MGA KWALIPIKASYON

- 18 – 64 ang edad
- Residente ng komunidad o barangay ng hindi bababa sa isang taon
- May sapat na karanasan at kaalaman sa proyekto
- Sumasang-ayon na maging miyembro ng SRT-AFBO/Cooperative matapos na makadalawang utang na may mabuting pagbabayad
- Kinikilala o inendorso ng ahensiya ng gobyerno o ibang opisina, organisasyon o grupo na may kasunduan sa QUEDANCOR
- Sumailalim sa “Values Orientation Seminar” ng QUEDANCOR
- Pumasa sa “Background at Credit Investigation”

PARAAN PARA MAKAUTANG

Bumuo ng isang grupo o Self-Reliant Team (SRT) na magkakabarangay na may 3 hanggang 15 miyembro at magtalaga ng isang kuwalipikadong Team Leader (TL)

TUNGKULIN NG TEAM LEADER

- Magbukas ng Checking Account sa kanyang pangalan
- Mag-isyu ng Post-Dated Check/s (PDC) na magsisilbing kabayaran sa utang ng grupo sa QUEDANCOR
- Paalalahanan ang mga kagrupo sa kanilang obligasyong magbayad sa QUEDANCOR
- Mangulekta ng bayad o hulog sa utang ng mga miyembro at i-deposito sa kanyang checking account

HALAGA NG MAUUTANG

Sang-ayon sa tamang pangangailangan ng negosyo o proyekto na siyang itatakda ng QUEDANCOR Credit Assessment Group (CAG)

INTERES AT SERVICE FEE

INTERES

- 16% kada taon sa pautang para sa produksyon
- 2% kada buwan sa dagdag kapital o puhunan

SERVICE FEE

- 2% kada transaksyon – pautang na may takda hanggang isang taon
- 3% kada taon – pautang na may takda na hihigit sa isang taon

INSENTIBO

1% insentibo base sa prinsipal na halaga ng utang at karagdagang 1% para sa TL base din sa prinsipal na halaga ng utang ng grupo

TAKDA NG PAUTANG AT PARAAN NG PAGBABAYAD

TAKDA

Sang-ayon sa kakayahan ng kita ng negosyo o proyekto na itatakda ng QUEDANCOR CAG

PARAAN NG PAGBABAYAD

Lingguhan, buwanan, tuwing ikatlong buwan, tuwing ikaanim na buwan o taunan sang-ayon sa kakayanan ng kita ng negosyo na itatakda ng QUEDANCOR CAG

KARAGDAGANG BAYARIN

- Group Credit Life Insurance (GCLI)
- Documentary Stamps
- Notarial Fee
- Gross Receipt Tax (GRT)

SEGURIDAD

- Joint and Several Signatures (JSS)
- Deed of Assignment of Receivables na suportado ng Marketing Contract/Agreement kung kakailanganin
- PDC
- GCLI
- Garantiya sa utang mula sa isang LGU, Buyer Firm o Input Supplier (para sa utang P50,000.00 pataas)

MGA KAKAILANGANIN

- Loan Application at dalawang litrato
- Barangay Certificate of residency at Community Tax Certificate (CTC/Sedula)
- Dalawang Valid na ID